




Philippine
Overseas
Employment
Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155



ADVISORY NO. 53-B
Series of 2018
(Filipino Translation)

PARA SA : Lahat ng Kinaaukulan

PAKSA : Hindi Otorisadong Pagre-recruit ng mga Manggagawang Pilipino sa Malta

Ang Embahada ng Pilipinas sa Roma, Italya, ay nagpapaalala na mag-ingat ang lahat ng mga Pilipinong nagnanais makapagtrabaho sa Malta dahil sa dumadaming insidente ng mga ilegal na paraan ng pag re-recruit patungo sa nasabing bansa.

Ayon sa nasabing paalala, ang mga sumusunod ay ang mga ilegal na gawain sa pag re recruit sa Malta na taliwas sa mga panuntunan at regulasyon ng POEA:

- Ilegal na pag re recruit ng isang hindi lisensyadong ahensya
- Third-country hiring o pag re recruit sa labas ng Pilipinas
- Pagpapalit ng nilalaman ng employment contract na aprubado na ng POEA
- Paniningil ng mataas na placement fee na lampas sa naaayon sa batas

Pinapaalalahanan din ng Embahada ang mga Pilipino sa mga sumusunod:

- 1) Mag-apply lamang sa mga lisensyadong ahensya. Ang lahat ng mga manggagawang patungo sa Malta ay dapat sa Pilipinas manggagaling at hindi sa ibang bansa sapagka't hindi pinapayagan ng POEA ang ganitong pamamaraan ng recruitment.
- 2) Ang tamang halaga ng placement fee na maaring singilin ay hindi dapat lalampas sa katumbas ng inyong isang buwang sweldo. Ang mga Household service workers ay hindi dapat singilin ng placement fee.
- 3) Siguraduhing ang inyong employment contract ay aprubado at rehistrado sa POEA bago umalis patungong Malta. Lahat ng pagbabago sa kontrata ay nararapat na aprubado rin ng POEA o ng Philippine Overseas Labor Office (POLO).

Para sa kaukulang impormasyon upang malaman kung legal at hindi peke ang lisensya ng kausap ninyong ahensya, maaari po kayong bumisita sa aming website, www.poea.gov.ph o tumawag sa aming 24/7 hotline 722.11.44 o 722.11.55.

Ang publiko ay pinaaalalahanan na kung sakaling may mga lumalapit sa inyong mga tao na nangangako ng trabaho sa ibang bansa nguni't walang maipakitang balidong lisensiya mula sa POEA, mangyari po lamang na agad itong ipaalam sa POLO-Rome (polo_rome@yahoo.it) o sa POEA Anti-illegal Recruitment Branch na may telepono bilang 721.06.19 o 722.11.92 upang agad na maaksyunan at mapigil ang pagkalat ng mga ilegal na gawain at panloloko.

Para sa patnubay at kaalaman ng lahat.


BERNARD P. OLALIA
Administrator

22 November 2018
Source: PE-Rome

CONTROLLED AND DISSEMINATED
BY CRD ON 26 NOV 2018